QUEZON COFFEE AND CACAO SUMMIT 2026, ITINAMPOK ANG LOKAL NA PRODUKTO AT TALENTO NG MGA MAGSASAKA





LUCENA CITY, Quezon — Itinampok ang kalidad ng lokal na kape at kakaw, makabagong teknolohiya at husay ng mga magsasaka at coffee enthusiasts sa Quezon Coffee and Cacao Summit 2026 na ginanap noong Oktubre 22 hanggang 24 sa Quezon Convention Center sa Lucena City.

Pinangunahan ang pagbubukas noong Oktubre 22 nina Vice Governor Third Alcala, Provincial Agriculturist Dr. Ana Clarissa S. Mariano, Provincial Administrator Manny Butardo, DTI Provincial Director Julieta Tadiosa, at iba pang kinatawan ng mga ahensiya at tanggapan ng pamahalaan.

Kabilang sa mga aktibidad ang paggawad ng parangal sa Outstanding Coffee and Cacao Farmers at Quezon Cacao Quality, Quezon Cacao and Coffee Industry Situationer and Technology Forum, at Public Cupping sa pangunguna ng National Coffee Research and Extension Center.

Tampok din ang unang Quezon Agricultural Extension Workers Forum, unveiling ng D'Aroma Coffee Processing Facility, at paggawad ng mga sertipiko para sa mechanical cacao dryer, fermentation facility at beans trading sa SICAP Quezon Agriculture Cooperative.

Noong Oktubre 24, ipinakita naman ng mga kalahok ang kanilang pagkamalikhain sa Best Innovative Coffee and Cacao Product, Barista, at Latte Art Competitions.

Binigyang-diin ni Governor Doktora Helen Tan ang mahalagang papel ng mga magsasaka sa pag-unlad ng industriya, sa kabila ng mga tulong pinansiyal at iba pang suportang ipinagkakaloob ng pamahalaan.

"Marami na tayong interventions na ibinigay, support sa financial or inputs… But basically ang susi sa tagumpay na ito ay ating mga magsasaka," ani Tan.

Layunin ng summit na palawakin ang kaalaman, itaguyod ang paggamit ng makabagong teknolohiya, at buksan ang mas maraming oportunidad para sa mga magsasaka, prodyuser at negosyante, kasabay ng paghikayat sa publiko na tangkilikin ang mga produktong kape at kakaw na gawa sa

Quezon. (Aida Dapula)

Mayor Ross Rizal Cites Support for 2,400-Plus Pedicab Drivers Through Rice Aid





CALAMBA CITY, Laguna — More than 2,400 pedicab drivers in Calamba City received 20 kilograms of rice each through the national government's "Bawat Bayan Makikinabang" program, providing additional assistance to drivers who rely on their daily earnings to support their families.

The rice distribution was spearheaded by the national government under President Ferdinand R. Marcos Jr., with Calamba City Mayor Roseller "Ross" H. Rizal highlighting the importance of extending support to the city's pedicab drivers and their households.

"Mahigit 2,400 pedicab drivers sa ating lungsod ang nakatanggap ng tig-20 kilos na biyayang bigas mula sa Pamahalaang Nasyonal, sa pangunguna ng ating mahal na Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., sa ilalim ng programang Bawat Bayan Makikinabang."

Rizal recognized the hard work and perseverance of pedicab drivers who travel daily to earn a living and provide for their families, noting that the rice assistance could help ease household expenses and meet their basic needs.



"Kinikilala natin ang sipag at tiyaga ng ating mga pedicab driver na araw-araw na bumibiyahe at naghahanapbuhay para sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng programang ito, nawa'y makatulong ang biyayang bigas na maibsan ang kanilang gastusin at makadagdag sa pangangailangan ng kanilang mga tahanan."

The mayor also expressed his gratitude to Marcos for the continued implementation of programs intended to benefit Filipinos, particularly those who need additional support amid rising household expenses.

"Maraming salamat po, Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., sa patuloy na programang nagbibigay-pakinabang sa ating mga kababayan."

Rizal emphasized that the initiative reflects the city government's commitment to ensuring that assistance reaches various sectors of the community, including transport workers who play an important role in providing daily mobility for Calambeños.

"Bawat biyaya, may katumbas na pagasa. Bawat tulong, para sa bawat Calambeño!"

(Edjun Mariposque)

www.deretsahan.com ISSN NO. 3116-2509

DERETSAHAN
WEEKLY NEWS PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money

VOL. III - SERIES 15 - OCTOBER 25-31, 2026 - P 20.00

Cavite Takes Healthcare Beyond Hospital Walls

SPORTS, SINING, AT KULTURA NAIS ISAMA NI CAYETANO SA EDUCATION CABINET CLUSTER

PHILHEALTH REGIONAL OFFICE IV-A HONORS LOCAL MEDIA PARTNERS IN QUEZON, LAGUNA, CAVITE



Calamba City, Laguna – PhilHealth regional office IV-A (PRO IV-A) recognized and expressed its appreciation to local media partners from Quezon, Laguna and Cavite during the Media Pasasalamat 2026, held on October 22, 2026 at Hotel Marciano.

With theme, "Kasama sa Kuwento, Katuwang sa Serbisyo" the activity honored the invaluable contributions of local media organizations and practitioners in disseminating accurate, timely, and relevant information about PhilHealth's programs, benefits, and services to communities across the region.

PRO IV-A emphasized the importance of its partnership with the media in ensuring that reliable information reaches

cont. on page 4

QPPO, MULING NANGUNA BILANG BEST POLICE PROVINCIAL OFFICE SA CALABARZON



Muling kinilala ang Quezon Police Provincial Office (QPPO) bilang Best Police Provincial Office sa Police Regional Office CALABARZON para sa Setyembre 2026 matapos makapagtala ng "Very Satisfactory" na Unit Performance Evaluation Rating (UPER).

Kasabay nito, ginawaran din ang Sampaloc Municipal Police Station (MPS) bilang Best MPS sa Class C sa ilalim ng Combined Scoring System sa kaparehong buwan.

Ayon sa QPPO, patunay ang mga pagkilalang ito sa disiplina, propesyonalismo at dedikasyon ng mga pulis sa lalawigan ng Quezon sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaligtasan ng publiko. Sa pamumuno ni Provincial Director PCOL Romulo A. Albacea, binigyang-diin ng tanggapan na bunga ang mga parangal ng sama-samang pagsisikap at pagtutulungan ng buong puwersa ng pulisya.

Sinabi ni Albacea na magsisilbing inspirasyon ang mga pagkilala upang higit pang paghusayin ng mga pulis ang kanilang serbisyo at patatagin ang tiwala ng komunidad sa kapulisan. Binigyang-diin din ng QPPO ang patuloy nitong pagsusulong ng mahusay na operasyon, maayos na ugnayan sa komunidad at serbisyong nakasentro sa pangangailangan ng mamamayan sa buong lalawigan.

(Aida Dapula)



GREETINGS FROM DERETSAHAN WEEKLY NEWS PUBLISHING

Cavite Art Fair Returns for Its Second Year, Celebrating the Creative Spirit of Cavite

Cavite records fastest economic growth in CALABARZON at 6.7% in 2025

PGC HOLDS POST-PROVINCIAL CELEBRATION OF FILIPINO ELDERLY WEEK 2026

Cavite Link Ability Career Fair Promotes Inclusive Employment Opportunities

EDITORYAL:

DEPUTATION ORDER, INSPEKSIYON AT KARAPATAN NG MOTORISTA: BASAHIN ANG BATAS BAGO MAGKONKLUSYON

Hindi lahat ng nakahinto sa gilid ng kalsada ay lumalabag sa batas. Ngunit hindi rin nangangahulugang walang kapangyarihan ang LTO na mag-inspeksiyon dahil lamang walang nakikitang paglabag.

Sa usapin ng mga operasyon ng Land Transportation Office (LTO), kailangang ituwid ang ilang mahahalagang punto upang hindi malito ang publiko sa pagkakaiba ng awtoridad ng enforcer, mga dokumentong kailangan sa operasyon, at mga karapatan ng motorista.

Hindi sapat ang palagay. Hindi sapat ang personal na interpretasyon. Ang dapat maging batayan ay ang mismong batas at ang mga umiiral na opisyal na kautusan.

1. DEPUTATION ORDER AT MISSION ORDER: MAGKAIBA ANG USAPIN

Una, kailangang malinaw na hindi magkasingkahulugan ang Deputation Order at Mission Order.

Ang Deputation Order ay may kaugnayan sa pormal na awtorisasyon ng mga tauhang kailangang ideputize upang gampanan ang tungkulin sa pagpapatupad ng batas-trapiko.

Samantala, ang Mission Order ay tumutukoy sa isang dokumentong may kinalaman sa isang partikular na misyon o operasyon, depende sa naaangkop na patakaran.

Sa LTO Memorandum Circular No. AVT-2015-1908, malinaw na nakasaad na ang mga LTO officers and employees na nakatalaga sa Law Enforcement Service at katumbas na field enforcement units ay hindi na nangangailangan ng Deputation Order dahil sa tungkulin ng kanilang mga posisyon. Gayunman, ang mga non-LTO personnel na itinalagang magsagawa ng law enforcement functions ay nangangailangan pa rin nito alinsunod sa umiiral na mga patakaran.

Samakatuwid, hindi tama na ipagpalagay na pare-pareho ang dokumentong kailangan ng lahat ng tauhang kasama sa operasyon.

Hindi rin dapat ipagpalagay na ang kawalan ng Mission Order ay awtomatikong nagpapawalang-bisa sa lahat ng inspeksiyon. Kailangang tukuyin kung may partikular na kautusan na nangangailangan nito sa uri ng operasyong isinasagawa.

Ang mahalaga ay ang legal na awtoridad ng tauhan at ang pagsunod sa mga naaangkop na requirement—hindi ang basta pagbanggit ng isang dokumento nang walang malinaw na legal na batayan.

2. MAY KAPANGYARIHAN BA ANG LTO NA MAG-INSPEKSIYON NG SASAKYAN?

Basahin ang Section 4(6) ng Republic Act No. 4136, o Land Transportation and Traffic Code.

Ipinagkakaloob ng probisyong ito sa Commissioner of Land Transportation at sa kanyang mga deputy ang kapangyarihang magsuri at mag-inspeksiyon ng mga motor vehicle anumang oras upang matukoy kung rehistrado ang mga ito at kung may mga kondisyong gaya ng pagiging unsafe, overloaded, improperly marked o equipped, o hindi angkop sa ligtas na paggamit sa kalsada.

Malinaw ang sinasabi ng batas: may kapangyarihang mag-inspeksiyon ang kinauukulang awtoridad.

Kaya kung ang isang sasakyan ay nakahinto sa gilid ng pampublikong kalsada, hindi sapat na sabihing ilegal agad ang paglapit ng LTO dahil lamang wala pang nakikitang paglabag.

Ang inspeksiyon ay may layuning tiyakin ang pagsunod sa mga kinakailangan sa registration at roadworthiness.

Hindi kailangang ipagpalagay na may nagawang paglabag na agad ang motorista bago magkaroon ng legal na batayan para sa inspeksiyon.

Gayunman, hindi rin ito nangangahulugang walang limitasyon ang kapangyarihan ng LTO. Dapat pa ring sundin ang mga naaangkop na patakaran sa operasyon, pagkakakilanlan ng mga enforcer, at paggalang sa mga karapatan ng publiko.

3. SAAN MAAARING ISAGAWA ANG INSPEKSIYON?

May mahalagang pagkakaiba ang sasakyang nasa pampublikong kalsada at ang sasakyang nasa loob ng pribadong tahanan o garahe.

Ang public road ay bahagi ng pampublikong daanan na saklaw ng mga batas at regulasyon sa transportasyon. Sa ganitong konteksto, maaaring magsagawa ang LTO ng lehitimong inspeksiyon alinsunod sa batas at sa mga naaangkop na patakaran.

Sa kabilang banda, hindi dapat ipagpalagay na ang kapangyarihang mag-inspeksiyon sa ilalim ng RA 4136 ay awtomatikong nagbibigay ng karapatang sapilitang pumasok sa pribadong tahanan o garahe. Kailangang isaalang-alang ang proteksiyon ng Konstitusyon laban sa unreasonable searches and seizures at ang iba pang naaangkop na legal na batayan.

Hindi dapat pag-isahin ang dalawang sitwasyong ito na para bang pareho ang legal na kondisyon.

Ang kapangyarihang mag-inspeksiyon ng sasakyan ay hindi awtomatikong pahintulot na pumasok sa pribadong pag-aari nang walang legal na batayan.

4. BAWAL BA AGAD ANG SASAKYANG NAKAHINTO SA GILID NG NATIONAL HIGHWAY?

Ito ang isa sa mga puntong kailangang linawin.

Sa Section 46 ng RA 4136, nakatala ang mga partikular na lugar kung saan ipinagbabawal ang pagparada, kabilang ang intersection, pedestrian crossing, harap ng private driveway, at mga lugar na may opisyal na karatulang bawal magparada.

Hindi sinasabi ng probisyong ito na awtomatikong bawal magparada sa bawat bahagi ng gilid ng lahat ng National Highway dahil lamang National Highway ang mga ito.

Ngunit hindi rin nangangahulugang legal ang lahat ng paghinto sa shoulder.

PGC...

FROM PAGE 1

The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer, conducted the Post-Provincial Celebration of Filipino Elderly Week 2026 on October 21, 2026, at Ka Roger Restaurant in Trece Martires City, with more than 100 officers of the Provincial Federation of Senior Citizens Association in attendance.

Carrying the program title “Know, Protect, and Uphold Senior Citizens’ Rights,” the celebration emphasized the importance of protecting the rights, promoting the welfare, and recognizing the valuable contributions of senior citizens in society.

It was also anchored on the theme, “Nakatatandang Pilipino: May Halaga at Karapatan, May Boses at Ambag sa Bayan.”

The program began with welcome remarks from Ms. Felipa G. Servañez, Provincial Social Welfare and Development Officer, who welcomed the participants and highlighted the importance of initiatives that support and empower older persons.

Engr. Gilbert V. Gandia, Provincial Administrator, represented the Governor during the celebration and delivered the Governor’s inspirational message, recognizing the invaluable contributions of senior citizens to their families and communities and reaffirming the Provincial Government of Cavite’s continuing commitment to supporting their welfare, protecting their rights, and promoting their active participation in society.

As part of the information campaign, Mr. Arner Olayres, Senior Trade Industry Development Specialist of the Department of Trade and Industry (DTI)–Cavite, discussed “Gabay ng Mapanuri at Matalinong Mamimili: Special Discount of 5% on BNPC for Senior Citizens.”

The session provided participants with information on consumer rights and applicable privileges concerning basic necessities and prime commodities.

The celebration also featured the awarding of certificates of appreciation to event partners and sponsors, namely Chowking, Red Ribbon, the Office of the Provincial Governor, the Office of the Provincial Health Officer, and the City College of Imus, in recognition of their contributions and support in making the activity possible.

To promote the health and well-being of the attendees, free health consultations, maintenance medicines, and vitamins, and manicure services through the Pamper Time activity were provided. A raffle was also conducted to add enjoyment to the gathering.

Through this celebration, the Provincial Government of Cavite, continues to promote awareness of senior citizens’ rights, encourage access to essential health services, and recognize their meaningful contributions to families and communities.

The activity further reinforced the importance of ensuring that older persons are respected, protected, and given opportunities to participate actively in society. — OPIO

DERETSAHAN WEEKLY NEWS PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money

DERETSAHAN WEEKLY NEWS PUBLISHING is an **ENGLISH/FILIPINO** newspaper that is being regularly published weekly every Sunday.

EDITORIAL OFFICE

Business Office : #023 Coastal Green St., P. F. 1 Espiritu, Bacoor City Cavite
Website: www.deretsahan.com
Mobile No.: 09365035056
Email ad: deretsahan2024@gmail.com

EDITORIAL BOARD

Publisher	: Nelson A. Dimapilis
Editor-In-chief	: Edjun C. Mariposque
Editor	: Kevin Pamatmat
Managing Editor	: Sol Luzano
Marketing Manager	: Pau Dela Cruz
Circulation Manager	: Christina Mercado
Lay Out Artist	: Danica Mae G. Cardiño

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ---------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ---------- P160/col.cm
Font Size:
Heading : 10
Body Text : 08
Space : Single space

Cavite Art ...

FROM PAGE 1

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – The Cavite Art Fair opened its second year on October 20, 2026, with an exhibit running through October 22 at the New Provincial Government Center.

A flagship program of the Provincial Government of Cavite under Governor Francisco Gabriel “Abeng” Remulla, it was spearheaded by the Office of the Provincial Tourism Officer in partnership with the National Commission for Culture and the Arts and the Alitaptap Artists Community.

Rooted in Governor Remulla’s directive to champion Cavite’s heritage, support the creative industry, uplift local MSMEs, and boost the provincial economy, the event treats arts and culture as part of the province’s tourism and economic growth. It gives Caviteño artists a platform to showcase and sell their work, and it invites visitors to experience Cavite as a place of heritage, creativity, and enterprise.

Vice Governor Ram Revilla Bautista delivered the welcome remarks.

Messages of support came from Emmanuel “Manny” Garibay, founder of Linangan Art Residency; Henry “Bokeng” Ancanan, president of the Alitaptap Artists Community; and Atty. Thristle Buxani, Secretary of the National Committee on Art Galleries (NCAG). Participating artists and galleries include the Alitaptap Artists Community, Linangan Art Residency, Kalyehon Art Gallery, Lebajo Art Gallery, and individual artists from across Cavite.

Visitors can also explore the fair online at artfair.cavite.gov.ph.

Through the Cavite Art Fair, the Provincial Government of Cavite and its partners continue to champion local talent and strengthen the province as a cultural destination.

Cavite records...

FROM PAGE 1

Cavite posted the fastest economic growth among the provinces in the CALABARZON region in 2025, expanding by 6.7 percent, according to the latest Provincial Product Accounts (PPA) released by the Philippine Statistics Authority (PSA).

The figure was presented during the Provincial Product Accounts Dissemination Forum held on October 6, 2026, at Elijah Hotel and Residences in the City of Dasmariñas, which brought together planning and development officers from various local government units, members of the Provincial Statistics Committee, representatives of national government agencies, private companies, and media partners.

The province’s 2025 growth rate increased from 5.2 percent in 2024, with its Gross Domestic Product (GDP) reaching an estimated PhP 875.67 billion, up from PhP 820.76 billion in 2024 and PhP 779.91 billion in 2023, at constant 2018 prices.

During the forum, Ms. Charito C. Armonia, Regional Director of the Philippine Statistics Authority – Regional Statistical Services Office IV-A (PSA-RSSO IV-A) CALABARZON, was present to lend her support to the dissemination of the latest Provincial Product Accounts (PPA) results. Her presence underscored the PSA’s commitment to strengthening the dissemination and use of reliable, timely, and relevant economic statistics as a basis for development planning and policy formulation across the region.

Meanwhile, Mr. Claire Dennis S. Mapa, PhD, National Statistician and Civil Registrar General of the Philippine Statistics Authority (PSA), delivered a video message to the participants. In his message, he emphasized the importance of the PPA in providing stakeholders with comprehensive and reliable information on the economic performance of provinces. The data serve as an important reference for local government units, national government agencies, the private sector, and other stakeholders in assessing economic trends, identifying development priorities, and formulating evidence-based plans and programs.

His message also highlighted the value of collaboration among statistical agencies, local governments, and other stakeholders in ensuring that official statistics are effectively communicated, understood, and utilized in advancing local and regional development.

Ms. Raquel C. Ronario, Supervising Statistical Specialist and Officer-in-Charge of PSA-Cavite, presented the province’s 2025 Economic Performance, highlighting the growth of various industries that contributed to the province’s economic expansion.

Among the industries, human health and social work activities posted the highest growth at 15.5 percent. This was followed by public administration and defense; compulsory social security at 10.5 percent, and other services at 8.7 percent.

The PSA also reported that Cavite’s per capita GDP reached PhP 181,561 in 2025, representing a 4.6-percent increase from the previous year.

Also featured during the forum were presentations on development plans and initiatives of participating agencies. Mr. Michael R. Lavadia of the Department of Economy, Planning and Development (DEPDev) and Engr. EnP Lorna R. Leyran, Provincial Planning and Development Coordinator presented their respective agencies’ plans, programs, and development initiatives.

The dissemination forum provided a venue for government planners, development stakeholders, private sector representatives, and media partners to gain a clearer understanding of Cavite’s latest economic performance and use the data in planning, policy development, program implementation, and investment-related initiatives. The latest PPA figures underscore Cavite’s continued economic expansion, with broad-based growth recorded across key sectors of the provincial economy. — OPIO

Cavite Takes...

FROM PAGE 1

Bringing essential health services closer to the community, the Provincial Government of Cavite conducted a medical and dental mission in Barangay Milagrosa, City of Carmona, on October 20, 2026, extending medical consultations, dental care, and diagnostic services to local residents through the collaborative efforts of provincial and city health teams.

The mission recorded 521 service availments, including 364 medical consultations, 80 dental services, 75 fasting blood sugar (FBS) tests, and 2 electrocardiogram (ECG) examinations.

The activity was made possible through the combined efforts of the General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) team, CarSiGMA District Hospital, the Carmona City Rural Health Unit (RHU), and Barangay Health Workers (BHWs), whose assistance helped ensure the efficient delivery of services to residents.

Carmona City Mayor Dahlia A. Loyola, City Vice Mayor Cesar L. Ines, Jr., and members of the Sangguniang Panlungsod graced and supported the mission, underscoring the importance of local leadership and intergovernmental collaboration in advancing community healthcare. Fifth District Board Members Aidel Paul Belamide and Ivee Jayne Reyes also extended their support to the initiative, reflecting the shared commitment of provincial and local officials to making essential health services more accessible to Caviteños.

Through these community-based medical missions, the Provincial Government continues to bring healthcare beyond hospital walls, strengthen grassroots health services, and advance a more accessible, responsive, and people-centered healthcare system throughout the province. — OPIO

Sports...

FROM PAGE 3

ang mga ito ng mahahalagang kakayahan at katangiang hindi basta nakukuha sa akademikong pag-aaral.

“In sports, tinuturo sa’yo na kahit lahat ng points sa’yo [individually], kung madupang ka naman at talo naman y’ung team mo, bale wala… [In art and sports you also learn] problem-solving, creativity,” paliwanag niya.

Itinatag noong Agosto 2025 ang Education and Workforce Development Group upang pag-ugnayin ang mga programa ng gobyerno sa edukasyon at trabaho.

Binubuo ito ng walong ahensiya, kabilang ang DepEd, Commission on Higher Education (CHED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Department of Labor and Employment (DOLE), at Department of Migrant Workers (DMW).

Isa si Cayetano sa mga pangunahing nagsulong ng pagbuo ng Cabinet cluster. Noong 2024, kabilang siya, bilang co-chairperson ng Second Congressional Commission on Education o EDCOM II, sa mga naghain ng resolusyon para sa pagtatatag nito.

Siya ang nagtulak na gawing miyembro ng cluster ang DOLE at Department of Budget and Management para matiyak na tutugon ang mga reporma sa edukasyon sa pangangailangan ng mga manggagawa at magkakaroon ng sapat na pondo para sa mga ito.

‘Big break’ para sa mga Pinoy artist

Bukod sa paghubog ng talento at magandang asal ng mga kabataan, hinimok din ni Cayetano ang education cluster na bigyang pansin ang potensyal ng sining na makapagbukas ng mga ekonomikong oportunidad para sa mga Pilipino.

Partikular niyang hinikayat ang gobyerno na tulungan ang mga Pilipinong manlilikha na makilala at magtagumpay sa international market.

I m i n u n g k a h i niya ang mas malalim na pagtutulungan ng DepEd, National Museum, at Department of Foreign Affairs (DFA) upang maipakilala ang mga likhang-sining ng mga Pilipino sa ibang bansa.

Kabilang aniya rito ay ang pagtugon sa mga balakid na kinakaharap ng mga artist, gaya ng mga permit na kailangan sa pagdadala ng kanilang mga likhang-sining sa ibang bansa para maitanghal sa mga exhibit at sa pagbabalik ng mga ito sa Pilipinas.

“Ang dami natin aspiring artists, breakthrough lang (ang kailangan)… and then, really, someone to champion it,” aniya.

Matagal nang isinusulong ni Cayetano ang pagbibigay ng mas malaking suporta sa sining at sa potensyal nitong gawing “soft power” ang Pilipinas.

Noong nagsilbi siyang DFA Secretary mula 2017 hanggang 2018, nagpatupad siya ng mga programa para sa “soft diplomacy” kung saan aktibong humahanap ang ahensya ng mga industriya kung saan posibleng magka-“big break” ang mga Pilipino sa pandaigdigang merkado.

Sa kanyang panunungkulan naman bilang House Speaker, binuo ng Kamara noong 2020 ang Special Committee on Creative Industry and Performing Arts. Iminungkahi rin niya noon ang pagtatatag ng Department of Arts and Culture upang mas masuportahan ang mga Pilipinong artist at maipakilala ang kanilang talento sa buong mundo.

Sa pagdinig, sinabi ni Cayetano na kung tila dehado sa kompetisyon sa manufacturing at iba pang industriya ang Pilipinas, malaki naman ang potensyal ng mga Pilipinong artist na magtagumpay sa ibang bansa dahil sa kanilang talento at pagiging malikhain.

“The beauty about art is you don’t need to manufacture anything here. You don’t need to import anything from there. It’s the talent of the artist,” punto niya.

Bilang tugon, sinabi naman ni Angara na bibigyang-pansin ng DepEd ang mga mungkahi ni Cayetano. Sinimulan na rin aniya ng EDCOM ang pakikipag-usap sa mga respetadong artist gaya nina Patis Tesoro at Manny Garibay upang mapaganda ang kurikulum ng DepEd sa sining. PR

Laguna, Kinilalang Best PESO sa Buong Bansa



Isang malaking karangalan para sa lalawigan ng Laguna matapos itong itanghal bilang Best Public Employment Service Office (PESO) sa buong bansa sa ilalim ng First Class Province Category, sa ginanap na 25th National PESO Congress.

Ang pagkilalang ito ay ibinigay ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa ilalim ng taunang National Search for Best PESO, na nagpupugay sa mga lokal na pamahalaan na nagpapakita ng kahusayan sa pagbibigay ng serbisyo sa paghahanap ng trabaho, pagtulong sa mga manggagawa, at pagpapalakas ng kabuhayan ng kanilang mga nasasakupan.

Ang parangal ay sumasalamin sa patuloy na dedikasyon ng pamunuan at ng buong pangkat ng Laguna PESO na tiyaking walang sinuman ang maiiwan sa pag-unlad, sa pamamagitan ng maayos na pagtutugma ng mga naghahanap ng trabaho sa mga oportunidad na magagamit nila.

Ipinapakita rin nito ang mahalagang papel na ginagampanan ng PESO bilang tulay sa pagitan ng mga mamamayan at maayos na kabuhayan.

Sa pagtanggap ng parangal, ipinahayag ng pamunuan ng Laguna ang kanilang pasasalamat at pagpapahalaga sa lahat ng nakatulong sa tagumpay na ito, at tiniyak na patuloy nilang pagbubutihin ang kanilang mga programa at serbisyo para sa mas marami pang taga-Laguna.

(Anna Gob)

SANTA CRUZ MPS NAMED LAGUNA'S BEST-PERFORMING STATION



The Santa Cruz Municipal Police Station (MPS) was named Laguna's Best Performing Class A Municipal Police Station for the third quarter of 2026 after earning three major awards for its law enforcement operations.

Under the leadership of Police Lieutenant Colonel Jojo I. Sabeniano, the station was recognized for its anti-illegal drug operations, the arrest of wanted persons, and its campaign against illegal gambling.

From July to September, Santa Cruz MPS conducted 47 anti-illegal drug operations and 24 anti-illegal gambling operations, resulting in 45 arrests. It also ranked first in the province in the apprehension of wanted persons, according to the station.

Sabeniano attributed the station's achievements to the dedication of its personnel and their coordinated efforts to maintain peace and order.

"Our achievements are the product of teamwork and dedication. We will continue to intensify our operations and strengthen partnerships with local government units and the community to ensure peace and order in Santa Cruz," Sabeniano said.

The recognition highlights the station's performance in law enforcement and its efforts to address illegal drugs, illegal gambling, and wanted individuals in its jurisdiction.

(Anna Gob/Photo courtesy of Santa Cruz MPS)

COAST GUARD, PINAIIGTING ANG SEGURIDAD SA MGA PANTALAN AT KALIGTASAN SA MGA BEACH RESORT SA QUEZON PARA SA UNDAS 2026



Pinaiigting ng Philippine Coast Guard (PCG), sa pamamagitan ng Coast Guard Station Southern Quezon (CGSSQ), ang paghahanda para sa inaasahang pagdagsa ng mga biyahero at bakasyunista sa panahon ng Undas 2026.

Dumalo sina LTJG Marco D. Granados, acting station commander ng CGSSQ, at LTJG Gean Matthew G. Gonzales, acting sub-station commander ng Coast Guard Sub-Station Lucena, sa Port Facility Security Advisory Committee and Coordination Meeting na isinagawa sa Philippine Ports Authority–Port Management Office Marinduque-Quezon (PPA-PMO MARQUEZ).

Tinalakay sa pulong ang mga hakbang sa seguridad sa mga pantalan, paghahanda sa operasyon, pagtulong sa mga pasahero at pagpapatupad ng Online Reservation Assistance System (ORAS) upang matiyak ang maayos, ligtas at episyenteng operasyon ng mga pantalan, gayundin ang maayos na daloy ng mga pasahero at kargamento.

Samantala, nagsagawa rin ang CGSSQ, katuwang ang Maritime Safety Service Unit–Southern Tagalog (MSSU-STL), Marine Environmental Protection Unit–Southern Quezon (MEPU-SQ) at mga lokal na tanggapan ng turismo, ng Recreational Safety Enforcement Inspections (RSEI) sa mga beach resort sa Perez, Alabat, Pitogo at Gumaca, Quezon.

Layunin ng inspeksiyon na matiyak ang pagsunod ng mga resort sa mga pamantayan sa kaligtasang pandagat, kabilang ang pagkakaroon ng mga kagamitang pangligtas, wastong mga karatula ng babala at mga itinalagang lugar para sa paglangoy.

Isinagawa ang inspeksiyon bilang paghahanda sa inaasahang pagdami ng mga beachgoer sa panahon ng Undas.

Sa pamamagitan ng Intensified Community Assistance, Awareness, Response, and Enforcement (iCARE) Program ng PCG, patuloy na pinagtitibay ng CGSSQ ang pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan at iba pang ahensiya upang mapalawak ang kaalaman ng publiko sa kaligtasang pandagat at kahandaan sa mga posibleng insidente.

Bahagi ang mga hakbang na ito ng koordinasyon ng mga ahensiya upang mapangalagaan ang buhay at kaligtasan ng mga biyahero, pasahero at bakasyunista, gayundin upang matiyak ang maayos na operasyon sa mga pantalan at ligtas na pamamalagi sa mga baybaying lugar sa Quezon sa panahon ng Undas 2026.

(Aida Dapula)

15 Mangingisda, Arestado sa Ilegal na "Buli-Buli" sa Polillo



Labinlimang mangingisda ang naaresto sa magkasanib na operasyon ng Polillo Municipal Police Station (MPS), Philippine Coast Guard (PCG), at Bantay Dagat dahil sa umano'y paggamit ng ipinagbabawal na paraan ng pangingisda na "buli-buli" o modified Danish seine nitong Oktubre 19.

Isinagawa ang operasyon bandang alas-10:30 ng umaga sa karagatan ng Barangay Balesin, malapit sa Pulong Rowena, Polillo, Quezon.

Nasamsam sa operasyon ang 69 kahon ng yelo na naglalaman ng kabuuang 2,760 kilo ng isda na tinatayang nagkakahalaga ng ₱276,000.

Narekober din ang isang hindi rehistradong bangka na tinatayang nagkakahalaga ng ₱3 milyon.

Ang paggamit ng "buli-buli" ay iniuugnay sa paglabag sa Republic Act No. 8550, o Philippine Fisheries Code of 1998, na nagtatakda ng mga regulasyon sa pangingisda at pangangalaga sa yamang-dagat.

Samantala, nasa kustodiya ng pulisya ang kapitan ng bangka at ang maestro ng laot habang inihahanda ang pagsasampa ng kaukulang kaso dahil sa paglabag sa Fisheries Code at Municipal Ordinance No. 196-2025.

Ang 13 iba pang mangingisda ay isinanguni naman sa Municipal Treasurer's Office para sa pagbabayad ng kaukulang multa.

Nasa kustodiya ng Municipal Environment and Natural Resources Office ng Polillo ang mga nakumpiskang isda at iba pang kagamitan.

(Anna Gob/Larawan mula sa Polillo MPS)

Pointer



Pau Dela Cruz

MAJAYJAY: YAMAN NG KASAYSAYAN AT KALIKASAN SA PAANAN NG BUNDOK BANAHAW

Hindi kailangang bumiyahe nang malayo upang maranasan ang malamig na klima, masaganang kalikasan at makasaysayang pook na maihahalintulad sa mga tanyag na destinasyon sa Tagaytay at Baguio.

Sa Majayjay, Laguna, matatagpuan ang mga pamanang nag-uugnay sa kasaysayan ng bansa at mga likas na tanawing patuloy na umaakit sa mga naghahanap ng pahinga mula sa init at ingay ng lungsod.

Matatagpuan sa paanan ng Bundok Banahaw, humigit-kumulang 1,000 talampakan mula sa antas ng dagat, ang bayang ito ay kilala sa malamig na klima, makasaysayang simbahan, sinaunang tulay at malinaw na tubig ng Taytay Falls.

Ayon kay Mayor Romeo Amorado, kinilala noon ang Majayjay bilang isa sa mga pook na dinarayo dahil sa malamig nitong klima noong panahon ng mga Espanyol. Kabilang din ito sa mga unang pamayanang naitatag sa ilalim ng kolonyal na pamamahala.

Isa sa mga pangunahing makasaysayang pook sa bayan ang Saint Gregory the Great Parish Church, na itinayo noong 1571.

Sa paglipas ng mga siglo, nananatiling mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng Majayjay ang makasaysayang simbahan. Tampok dito ang maringal na altar, mga imahen ng mga santo, pulpito at mahabang pasilyong nagdaragdag sa makalumang ganda ng estruktura.

Hindi lamang ito lugar ng pagsamba kundi saksi rin sa pagbabago ng pamayanan at sa mahabang kasaysayan ng Kristiyanismo sa Laguna.

Para sa mga mahilig sa heritage tourism, isang mahalagang karanasan ang pagbisita sa simbahan upang masilip ang arkitekturang nagmula pa sa panahon ng kolonyalismo.

Hindi rin dapat palampasin ang Puente del Capricho, na mas kilala ng ilan bilang Tulay ng Pige.

Itinayo noong 1851 sa ibabaw ng Olla River, nananatiling tampok sa kasaysayan ng Majayjay ang hindi natapos na tulay. Sa kabila ng kakaibang anyo at tila napabayaang kalagayan nito, taglay nito ang kuwentong nag-uugnay sa nakaraan ng bayan at sa panitikan ng pambansang bayaning si Dr. Jose Rizal.

Binanggit ni Rizal ang tulay sa unang kabanata ng kaniyang nobelang El Filibusterismo, kung saan inilarawan ang hirap na dinanas ng mga Pilipinong pinilit magtrabaho sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol.

Dahil dito, higit pa sa isang lumang estruktura ang Puente del Capricho. Isa itong paalala ng mapait na karanasan ng mga Pilipino sa ilalim ng kolonyal na kapangyarihan.

Sa kabila ng kahalagahan nito, hindi ito kasingkilala ng ibang makasaysayang destinasyon. Nararapat lamang na mabigyan ito ng higit na pansin sa pamamagitan ng pangangalaga, wastong pagpapakilala at pagtataguyod ng makasaysayang turismo.

Kung kasaysayan ang isang dahilan upang magtungo sa Majayjay, kalikasan naman ang isa pang pang-akit nito.

Sa Barangay Taytay matatagpuan ang Taytay Falls, isang talon na dinarayo dahil sa malinaw at malamig na tubig na nagmumula sa kabundukan ng Banahaw.

Mula sa panimulang bahagi ng paglalakad, tinatayang sampung minutong lakaran ang kailangan upang marating ang talon. Sa kahabaan ng sementadong daan, matatanaw ang mayayabong na halaman at luntiang kapaligirang nagbibigay ng preskong pakiramdam sa mga bisita.

Pagdating sa talon, maaaring magpahinga, magbabad sa malamig na tubig at magsalo-salo sa picnic kasama ang pamilya o mga kaibigan, alinsunod sa mga umiiral na patakaran sa lugar.

Gayunman, mahalagang panatilihing malinis ang paligid. Ang pagdadala ng sariling basura palabas ng lugar at paggalang sa likas na kapaligiran ay simpleng paraan upang mapangalagaan ang kagandahan ng destinasyon.

Ipinakikita ng Majayjay na hindi lamang magagandang tanawin ang maipagmamalaki ng Laguna. Taglay rin nito ang mga kuwentong mahalagang maipasa sa susunod na henerasyon.

Mula sa makasaysayang simbahan at tulay na binanggit sa El Filibusterismo hanggang sa malamig na tubig ng Taytay Falls, pinagsasama ng bayan ang kasaysayan, kultura at kalikasan sa iisang destinasyon.

Ang hamon ngayon ay kung paano higit na mapangangalagaan at maipakikilala ang mga pook na ito nang hindi nasisira ang kanilang orihinal na katangian.

Sa pamamagitan ng responsableng turismo, maayos na pangangalaga sa mga makasaysayang estruktura at pakikilahok ng komunidad, maaaring maging mas mahalagang destinasyon ang Majayjay para sa mga turistang naghahanap hindi lamang ng pahinga kundi pati ng kaalaman sa kasaysayan ng bansa.

Sa susunod na magplano ng pamamasyal, maaaring isama sa listahan ang Majayjay. Sapagkat sa bayang ito, ang bawat lumang bato, agos ng tubig at tanawin ay may kuwentong naghihintay na muling matuklasan.

Sports...

Itinutulak ngayon ni Senate Minority Leader Alan Peter Cayetano ang partisipasyon ng mga ahensyang may kinalaman sa sports, sining, at kultura sa education cluster ng Gabinete para mapaigting ang papel ng mga ito sa kabuuang paghubog ng kabataang Pilipino at sa paglikha ng trabaho para sa mga Pilipino sa loob at labas ng bansa.

"Let me lobby that sports and culture and art be included because it's really as much a part of our education as anything else, as math and everything," wika ni Cayetano kay Education Secretary Sonny Angara sa pagdinig ng Senado sa panukalang 2027 budget ng Department of Education (DepEd) nitong Biyernes, October 16.

Para kay Cayetano, ang sports at sining ang diwa o "soul" ng edukasyon dahil nagtuturo

FROM PAGE 1

cont. on page 7

EXPLICIT

TATLONG MOST WANTED SA SULU, TIMBOG SA KASONG PAGPATAY SA LIMANG BIKTIMA



Madelaine Go

Tatlong itinuturing na most wanted persons sa lalawigan ng Sulu ang naaresto ng mga awtoridad noong Oktubre 17, kaugnay ng kasong pagpatay sa limang katao, kabilang ang isang buntis at isang menor de edad, sa madugong insidente noong Marso.

Sa ilalim ng pamumuno ni Philippine National Police (PNP) Chief PGen. Jose Melencio C. Nartatez Jr., matagumpay na naaresto ang tatlong akusado sa magkakahiwalay na operasyon sa Jolo at Siasi, Sulu, bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng kapulisan na panagutin sa batas ang mga sangkot sa krimen.

Isinagawa ang operasyon sa pamamagitan ng pinagsanib na puwersa ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) BASULTA Provincial Field Unit, PNP Special Action Force, Philippine Army, Sulu Provincial Intelligence Team, Regional Intelligence Unit 9, Sulu Police Provincial Office, Provincial Mobile Force Company, at iba pang yunit ng kapulisan.

Ang tatlong naaresto ay kabilang sa mga itinuturing na Provincial Level Most Wanted Persons ng Sulu, na may ranggong ikaapat, ikalima, at ikaanim sa listahan ng mga pinaghahanap sa lalawigan.

Inaresto sila sa bisa ng pitong warrant of arrest na inilabas ng Regional Trial Court sa Siasi, Sulu, noong Hulyo 2, 2026. Anim sa mga warrant ay para sa kasong murder o pagpatay, habang ang isa ay para sa frustrated murder o tangkang pagpatay na hindi nakumpleto. Walang inirekomendang piyansa para sa mga kasong murder.

Nag-ugat ang kaso sa insidente noong Marso 30 sa karagatang sakop ng Duhol Tara, Siasi, at Alu Kabingaan, Tapul, Sulu, kung saan iniulat na pinagbabaril ang 12 indibidwal na sakay ng dalawang de-motor na bangka.

Limang katao ang nasawi sa naturang insidente, kabilang ang isang buntis at isang menor de edad.

Ayon sa PNP, mahalaga ang matagumpay na pag-aresto sa patuloy na imbestigasyon at paghahanap ng hustisya para sa mga nasawi at kanilang mga pamilya. Binigyang-diin din ng ahensiya ang kahalagahan ng masusing pangangalap ng impormasyon, maayos na koordinasyon, at pagtutulungan ng iba't ibang yunit ng kapulisan at militar.

"Kapag may warrant, malinaw ang tungkulin nating kumilos. Hahanapin natin ang taong sangkot, isasagawa nang maayos ang pag-aresto, at ihaharap ang kaso sa hukuman," pahayag ni PGen. Nartatez.

Dagdag pa niya, hindi dapat tumigil ang mga awtoridad sa pagresolba ng isang kaso dahil lamang sa hirap ng operasyon. Aniya, kailangang sundan ang mga impormasyong nakalap, makipag-ugnayan sa mga kinauukulang yunit, at kumilos kapag natuguan na ang mga legal na kinakailangan.

Ang operasyon ay bahagi ng PNP Focused Agenda, partikular ng Enhanced Managing Police Operations (EMPO), na naglalayong mapahusay ang paglalaan ng mga tauhan at kagamitan, palakasin ang koordinasyon, at matiyak ang maagap na pagkilos batay sa mapagkakatiwalaang impormasyon.

Sinusuportahan din nito ang mga prayoridad sa kapayapaan at kaayusan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., kasabay ng paninindigan ng PNP na ipatupad ang batas nang naaayon sa Konstitusyon at sa mga umiiral na batas, habang iginagalang ang mga karapatan ng lahat ng sangkot.

Binigyang-linaw ng PNP na ang pag-aresto sa tatlong akusado ay hindi nangangahulugang napatunayan na ang kanilang pagkakasala. Mananatili silang may karapatan sa due process at haharap sa nararapat na proseso ng hukuman upang sagutin ang mga kasong isinampa laban sa kanila.

Tiniyak naman ng kapulisan na magpapatuloy ang kanilang mga lehitimong operasyon laban sa mga pinaghahanap ng batas sa pamamagitan ng propesyonal, responsable, at makatarungang pagpapatupad nito.

Ayon sa PNP, ang tunay na layunin ng epektibong pagpupulis ay hindi lamang ang pag-aresto sa mga suspek, kundi ang makatulong din sa pagpapanumbalik ng tiwala, kapayapaan, at kaayusan sa mga komunidad, alinsunod sa adhikaing "Bagong PNP para sa Bagong Pilipinas: Serbisyong Mabilis, Tapat at Nararamdaman."

PUBLISHER CORNER

WHO issues new guidance to shift mental health care from psychiatric hospitals to community support



The World Health Organization has launched a new practical guide urging countries to transition from long-term psychiatric hospital stays toward person-centered, community-based mental health care.

The initiative addresses the ongoing isolation of patients globally, as WHO data reveals that over a quarter of admitted individuals remain institutionalized for more than six months and nearly half are held involuntarily for extended periods.

WHO Director-General Dr. Tedros Adhanom Ghebreyesus emphasized that individuals should not have to forfeit their freedom or dignity to receive ongoing mental health support.

The newly released framework provides psychiatric hospital leaders with actionable steps to reduce long stays, protect human rights, and facilitate successful reintegration into society.

Aligning with World Mental Health Day, the guide stresses that successful deinstitutionalization requires active input from individuals with lived experiences alongside broad access to housing, healthcare, and employment opportunities.

With only nine percent of reporting countries having fully adopted community-based mental health care, the WHO is calling on global governments to urgently accelerate structural reforms and reallocate investments into local communities.

DERETSAHAN
WEEKLY NEWS PUBLISHING

Hijos Tours launches wellness tour promoting holistic well-being



Participants in the Homestay San Pablo City Wellness Tour during their visit to Mt. Banahaw, one of the tour's key destinations for wellness through nature and spiritual experiences.

Anchored on the importance of healthy living and wellness, CARD MRI Hijos Tours launched its two-day Homestay San Pablo City Wellness Tour on April 24-25, 2026. Designed to promote holistic well-being, the activities centered on microfinance, nature, community, and faith.

The tour offers participants a space to reflect on what truly contributes to a healthier and more fulfilling life. For its first run, the tour welcomed 10 members of CARD Bank Candelaria in Quezon Province.

Through this immersive experience, participants are encouraged to renew their appreciation of how financial stability, environmental awareness, social connections, and spiritual growth work together to pursue healthy well-being.

For CARD MRI Hijos Tours President Marilyn M. Manila, the wellness tour represents an opportunity to create spaces for reflection, meaningful interaction, and learning. "Through this tour, we combine education and personal experiences," she said. "We want this to serve as a platform for promoting balance, personal growth, and well-being." Going beyond visiting destinations and exploring history, participants are immersed in activities designed to spark self-discovery and relationship-building. The tour also aims to transform the journey into an experience of personal enrichment by emphasizing the physical, mental, spiritual, and financial dimensions of wellness.

The tour's itineraries include tree-hugging and tree-bathing activities, a homestay experience in a local residence, a visit to the CARD MRI Head Office, and a lunch at a native restaurant.

Beyond these, participants are taken to some of San Pablo City's natural and historical destinations, such as Sampaloc Lake, Sitio Lalao Hot Spring, and Kinabuhayan Stream. They also explored other spiritual landmarks, including San Pablo Cathedral, San Agustin Church, Yapak ni Kristo, as well as in Presintahan Cave and Kamalig ni Saint Jacob in Mt. Banahaw in Dolores, Quezon.

The Wellness Tour welcomes CARD clients and staff aged 18 to 50 years old who are physically capable of activities such as walking and short trekking. Through the newly launched tour, Hijos Tours redefines travel beyond recreation as it leads experiences that gently encourage a more holistic sense of well-being.

Philhealth...

FROM PAGE 1

the public, particularly on benefit packages, membership concerns, and initiatives that advance Universal Health Care.

The recognition also served as an expression of gratitude for the media's commitment to public service and their continued efforts to bring essential health information closer to the people of Quezon, Laguna, and Cavite.

The event also provided the opportunity to inform the media partners on the enhanced PhilHealth Benefits for Maternity Care and Leptospirosis, coverage of less than 24 hours confinement and coverage of Solo parents Persons With Disability (PWDs),

as well as updates on the PhilHealth YAKAP implementation.

On the other hand, the Local Health Insurance Office Calamba provided assistance on membership registration, updating of records, and assignment to the chosen YAKAP Clinic.

As PhilHealth continues to strengthen its programs and services, the Regional Office reaffirmed its commitment to maintaining strong partnerships with local media as key allies in promoting informed, empowered, and healthier communities.

Through Media Pasasalamat 2026, PRO IV-A celebrates not only the contributions of its media partners but also their shared commitment to public service and the delivery of accurate information for every Filipino.

Gov. Sol Aragones, Los Baños Officials Team Up to Ease Traffic Through Meralco Pole Removal



LOS BAÑOS, Laguna — Laguna Governor Sol Aragones joined forces with Los Baños officials and Meralco representatives on Wednesday, October 21, to address traffic congestion along Barangays San Antonio and Batong Malake through the repair and removal of utility poles obstructing roadways.

Aragones was accompanied by Los Baños Mayor Neil Nocon, Vice Mayor Marlo Alipon, and Second District Board Member Neptali Bagnes during the site inspection and coordination with Meralco representatives to ensure the project would cause minimal disruption to residents.

The discussions focused on the necessary pole repairs and removal, with officials coordinating the work schedule and power interruption to reduce inconvenience to affected communities.

Meralco representatives said the pole repair work would require a scheduled power interruption lasting approximately five hours.

Mayor Nocon emphasized the need to widen roads and improve traffic flow in the affected areas, particularly as the roads serve as major thoroughfares and the holiday season approaches, when vehicle volume is expected to increase.

Aragones assured residents that the provincial government would work closely with the local government and Meralco to minimize the project's temporary effects while addressing persistent traffic problems.

"We want our roads to be orderly and accessible. We will work to reduce traffic congestion here in Los Baños and address similar problems on other roads across the province to ensure that motorists, drivers, and the public are not inconvenienced," Aragones said.

The initiative forms part of the provincial government's efforts to improve road accessibility and traffic management in coordination with local governments and utility providers.

Officials said close coordination among the concerned agencies would be crucial to carrying out the work efficiently while keeping residents informed about the scheduled power interruption and other possible inconveniences.

(Edjun Mariposque)

PPA, MULING IPATUTUPAD ANG ONLINE RESERVATION SYSTEM; 1.93 MILYONG PASAHERO INAASAHAN SA UNDAS

Muling ipatutupad ng Philippine Ports Authority (PPA) ang Online Reservation Assistance System (ORAS) simula Oktubre 24, 2026, upang mapabilis ang proseso ng pagbiyahe at mabawasan ang mahabang pila sa mga piling pantalan sa bansa ngayong Undas.

Sa ilalim ng sistema, maaaring tingnan ng mga pasahero ang iskedyul ng mga barko, piliin ang nais na oras ng biyahe at ilagay ang kinakailangang impormasyon sa online platform. Tatlong hakbang lamang ang kailangang sundin: Scan, Choose, Reserve.

Para sa Undas ngayong taon, dalawang oras bago ang nakatakdang biyahe magiging balido ang ORAS Pass, kumpara sa dating tatlong oras. Ayon sa PPA, isinagawa ang pagbabago bilang tugon sa mga rekomendasyon at puna ng mga pasahero mula sa nakaraang implementasyon.

Saklaw ng sistema ang mga pantalan ng Lucena, Balanacan, Calapan at Batangas upang makatulong sa pagpaplano ng biyahe at mas maayos na pamamahala ng daloy ng mga pasahero.

Unang ipinatupad ang ORAS mula Marso 30 hanggang Abril 8, 2026, sa panahon ng Semana Santa. Batay sa Passenger Statistics Report (PSR), umabot sa 44.6 porsiyento ang mga pasaherong dumaan sa beripikasyon sa pamamagitan ng sistema.

Samantala, tinatayang aabot sa 1.93 milyong pasahero ang gagamit ng mga pantalan sa buong bansa mula Oktubre 27 hanggang Nobyembre 5, 2026. Mas mataas ito nang 1.55 porsiyento kumpara sa 1.90 milyong pasaherong naitala noong nakaraang taon.

Ayon kay PPA General Manager Jay Santiago, nakahanda ang ahensiya sa inaasahang pagdagsa ng mga biyahero, bagama't isinasaalang-alang din ang posibleng epekto ng mataas na presyo ng mga bilihin at gasolina sa bilang ng mga pasahero.

Batay sa pagtataya ng PPA, inaasahang mangunguna sa dami ng pasahero ang Iloilo River Wharf na may 171,077, kasunod ang Babak Port na may 113,768, Batangas Port na may 108,766, Jordan Port na may 94,730, at Sasa Port na may 94,291.

Dahil dito, hinihikayat ng PPA ang mga biyahero na planuhin nang maaga ang kanilang mga biyahe, subaybayan ang mga opisyal na abiso ng mga pantalan at makipag-ugnayan sa kani-kanilang shipping line upang matiyak ang pinakabagong iskedyul ng mga barko at maiwasan ang abala sa paglalakbay ngayong Undas.

(Aida Dapula)

Calamba Continues Senior Citizens' Pension Payouts, Medical and Financial Assistance



CALAMBA CITY, Laguna — The Calamba City government continues to distribute third- and fourth-quarter social pension benefits to senior citizens while providing financial assistance and medical guarantee letters to residents in need, Mayor Roseller H. Rizal said.

The city government's social pension distribution is ongoing across barangays, with Rizal personally visiting Barangay Makiling to ensure the orderly delivery of benefits to elderly residents. Payouts were also conducted for senior citizens in Barangays San Juan and Sampiruhan.

"Tuloy-tuloy ang pamamahagi ng 3rd at 4th Quarter Social Pension para sa ating mga mahal na Senior Citizens mula sa Pamahalaang Lungsod ng Calamba."

"Personal tayong nagtungo sa Brgy. Makiling upang tiyakin ang maayos na daloy ng payout para sa ating mga lolo at lola. Kasabay rin ngayong araw ang pamamahagi sa mga Senior Citizens ng Brgy. San Juan at Sampiruhan."

Rizal said the local government remains committed to providing assistance to senior citizens in recognition of their contributions and sacrifices to the community.

"Patuloy nating sisikapin na maihatid ang serbisyong nararapat para sa ating mga nakatatanda. Ang kanilang kapakanan ay mahalaga, at ang bawat tulong na kanilang natatanggap ay pagkilala sa kanilang mga sakripisyo at ambag sa ating komunidad."





"Serbisyong may malasakit, para sa ating mga minamahal na Senior Citizens!"

Senior citizens from other barangays were advised to wait for the official announcement of their respective payout schedules.

"Abangan po ang annoucement kung kailan ang schedule ng inyong barangay."

Meanwhile, the city government continues to provide financial assistance to residents seeking support for various needs, including hospitalization, laboratory tests, medicines, burial expenses and other concerns. Guarantee letters for hospitalization are also being issued to help eligible residents with their medical expenses.

"Muling nagsagawa ng Financial Assistance Distribution para sa ating mga kababayan na lumapit sa ating opisina upang humingi ng tulong para sa iba't ibang pangangailangan, kabilang ang hospitalization, laboratory tests, gamot, solicitations, burial assistance, at iba pa."

"Kasabay nito, namahagi rin tayo ng Guarantee Letters para sa hospitalization upang makatulong sa gastusing medikal ng ating mga kababayan."

Rizal said the city government would continue to extend assistance, particularly to residents facing financial difficulties and other personal challenges.

"Sa abot ng ating makakaya, patuloy nating sinisikap na maihatid ang tulong sa bawat Calambeñong nangangailangan. Dahil para sa atin, ang bawat tulong ay hindi lamang pinansyal na suporta, kundi pagbibigay rin ng pag-asa at lakas sa gitna ng mga pagsubok sa buhay."

"Serbisyong may malasakit, para sa bawat Calambeño!"

The two initiatives form part of the city government's continuing assistance programs for senior citizens and other residents requiring financial and medical support.

(Edjun Mariposque)

QUEZON, PASOK SA TOP 19 FINALISTS NG 2026 GALING POOK AWARDS



Napabilang ang lalawigan ng Quezon sa Top 19 finalists ng 2026 Galing Pook Awards sa pamamagitan ng programang Tamang Aksyon sa Nutrisyon, na naglalayong mapabuti ang nutrisyon at kalusugan ng mga bata.

Ayon sa Pamahalaang Panlalawigan ng Quezon, kabilang ang programa sa mga napiling finalist mula sa 200 entries na nagmula sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa ilalim ng pamumuno ni Gobernador Doktora Helen Tan, ipinatutupad ng Tamang Aksyon sa Nutrisyon ang iba't ibang programa at pamamaraan upang matugunan ang pangangailangan sa wastong nutrisyon ng mga bata sa lalawigan.

Batay sa datos na inilabas ng pamahalaang panlalawigan, bumaba ang prevalence ng stunting sa Quezon mula 17.11 porsiyento noong 2021 sa 9.88 porsiyento noong 2025. Bumaba rin ang prevalence ng underweight mula 8.20 porsiyento sa 4.94 porsiyento sa kaparehong panahon.

Ayon sa pamahalaang panlalawigan, sumasalamin ang pagkilalang ito sa patuloy na pagsisikap na magpatupad ng mga programang naglalayong mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng mga komunidad sa Quezon.

(Aida Dapula)

Cavite Link...

FROM PAGE 1

The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Public Employment Service Manager (OPPESM), in partnership with the Office of the Provincial Persons with Disability Affairs Officer (OPPDAO), conducted the Cavite Link Ability Career Fair: Meeting with Inclusive Partners for the Elderly and Persons with Disability on October 6, 2026, at the New Provincial Government Center, Trece Martires City.

The activity brought together 21 participating companies and key resource speakers to promote inclusive employment opportunities and strengthen collaboration among employers and stakeholders in supporting the elderly and persons with disabilities (PWDs).

The resource speakers included Ms. Marical C. UI, M.Ed., LPT, of LINK for the Deaf, Inc.; Atty. Christian C. Imperial of the Office of the Provincial Legal Officer; Hon. Kerby J. Salazar, Board Member and Chairperson on Rules and Good Government; and Dr. Abraham Domingo De Castro, PESO Manager of the City of Bacoor.

Through the initiative, the Provincial Government of Cavite continues to encourage inclusive hiring practices and create opportunities for the elderly and PWDs to participate meaningfully in the workforce. — OPIO